


# MALAY

VOLUME 30 NO. 1  DISYEMBRE 2017

Ang *Malay*, isang *internationally refereed* at *abstracted* journal na multi-disiplinari sa Filipino, ay inililimbag makalawa isang taon sa ilalim ng pamamahala ng De La Salle University Publishing House para sa Pamantasang De La Salle. Bilang journal na multi-disiplinari, nagtatampok ang *Malay* ng mga papel, pananaliksik, at artikulong naglalahad ng mga kaisipan at kaalaman mula sa iba't ibang disiplina sa larangan ng Araling Filipino. Ang mga ideya, pagkukuro, at paninindigan ng mga may-akda ay pananagutan nila at hindi repleksyon ng mga paghahaka at patakaran ng Mga Patnugot, ng Kaguruan, o ng Pangasiwaan ng Pamantasang ito.

**Halaga ng Taunang Subskripsyon:** Laybrari/Silid aklatan, institusyon sa labas ng Pilipinas: US$40 (surface mail), US$50 (koreo). Indibidwal/Isahan: US$25 (surface mail), US$35 (koreo). Halaga ng subskripsyon sa Pilipinas para sa laybrari at institusyon: PhP1,500/Isahan: PhP1,300. Makipag-ugnayan na lamang po kay *Joanne T. Castañares* sa anumang detalye tungkol sa subskripsyon o mag-mail sa: joanne.castanares@dlsu.edu.ph

Karapatang-ari © 2017 ng Pamantasang De La Salle

Reserbado ang lahat ng karapatan. Alinmang bahagi ng librong ito ay hindi maaaring kopyahin o isulat sa anumang anyo maging ito ay palimbag o elektroniko, kaya'y itanghal nang pormal at may bayad nang walang pahintulot ng tagapaglathala o ng may-akda.

ISSN: 0115-6195

Published by De La Salle University Publishing House
2401 Taft Avenue, Manila 0922 Philippines
Telefax: (63 2) 523-4281
Email: dlsupublishinghouse@dlsu.edu.ph
Websites: http://www.dlsu.edu.ph/offices/publishing-house/default.asp
http://www.ejournals.ph

*Ang De La Salle University Publishing House*
*ang tanggapang pampublikasyon ng Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

## Mga Patnugot

**Florentino T. Timbreza**
*Punong Patnugot*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

**Rowell D. Madula**
*Katuwang na Patnugot*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

**Alona Jumaquio-Ardales**
*Tagapamahalang Editor*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

## Internasyonal na Lupon ng mga Patnugot

Efren Abueg
*Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas*

Rebecca T. Añonuevo
*Kolehiyo ng Miriam, Pilipinas*

Joi Barrios
*University of California Berkeley, USA*

Aurora E. Batnag
*Pamantasang Normal ng Pilipinas*

Rick C. Bonus
*University of Washington, USA*

Pamela C. Constantino
*Unibersidad ng Pilipinas*

Teresita F. Fortunato
*Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino*

Francis A. Gealogo
*Pamantasang Ateneo de Manila, Pilipinas*

Jose Rhommel B. Hernandez
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

Efren B. Isorena
*Pamantasang Ateneo de Manila, Pilipinas*

Bienvenido L. Lumbera
*Unibersidad ng Pilipinas*

Ruth Elynia S. Mabanglo
*University of Hawaii, Manoa, USA*

Rhoderick V. Nuncio
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

Epifanio San Juan Jr.
*Philippine Cultural Studies Center, Connecticut, USA*

Rolando B. Tolentino
*Unibersidad ng Pilipinas*

Tereso S. Tullao
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

Galileo S. Zafra
*Unibersidad ng Pilipinas*

MALAY

## Mga Nilalaman


Mula sa Editor vii
**Rowell D. Madula**

Mga Natatanging Lathalain

Limang Case Study Tungkol sa mga Barako ng Batangas: 1
Pagdalumat sa Isang Mas Makatotohanang Imahen ng Barako /
*Five Case Studies on the Barakos of Batangas:*
*A More Appropriate Image of the Barako*
**Aristotle P. Balba at Feorillo Petronilo A. Demeterio III**

Sina Gat Uban at Horacio dela Costa sa Mauban: 13
Mga Paghahanap sa Tanawin Tungo sa Pagbubuo ng Lokal na Kasaysayan
at Pambayang Identidad /
*Gat Uban and Horacio dela Costa in Mauban:*
*Landscape as Embodiment of Local History and Identity*
**Nelson Turgo**

Panitikang Bikol at ang Pagbuo ng Panitikang Pambansa / 28
*Bikol Literature and the Building of a National Literature*
**Paz Verdades M. Santos**

Tigsik at Tirigsikan: Sipat at Suri sa mga Piling Pasalitang Tulang 38
Caramoranon ng Isla Catanduanes, Pilipinas /
Tigsik and Tirgsikan: *An Analysis of Selected Caramoran Oral Poems in the*
*Island of Catanduanes, Philippines*
**Jovert R. Balunsay at Susan M. Tindugan**

Lahok-Linang: Pagtataya sa mga Gawain ng Kapisanang Diwa 51
at Panitik (KADIPAN) Taong Panuruan 2016-2017 Bilang Integratibong
Lunsaran sa Paglinang ng mga Makrong-kasanayang Pangwika Tungo
sa Pagpapataas ng Pakikilahok sa mga Gawaing Pang-organisasyon /
*Lahok-Linang: Assessment of the Activities of "Kapisanang Diwa*
*at Panitik" (KADIPAN) in the Academic Year 2016-2017 as an Integrative*
*Channel of Cultivating Macro-skills in Communication to Empower*
*the Student Involvement*
**Voltaire Villanueva, Jazz Lendle Dy, Dianne Malacay at Kaye-Ann Oteyza**

Ang Tao sa Ka-taw-an at sa Ka-tau-han: 70
Pag-uugnay sa Pagpapakatao, Pakikipagkapuwa-tao, at Pagkatao /
*The Person in the Human Body: Being Human, Becoming a Human Person,*
*Sharing the Self with 'Other' Selves*
**Roberto E. Javier, Jr.**

Artikulasyon ng Katutubong Pilosopiya / 86
*Articulation of Indigenous Philosophy*
**Florentino T. Timbreza**

Mga Kontribyutor 99
Panawagan para sa Kontribusyon sa Malay 103

# Mula sa Editor

Sa loob ng halos tatlong dekada, inililimbag ng *Malay* ang mga natatanging pananaliksik at pagsusuri ng mga iskolar sa larang ng Araling Pilipinas. Mula sa pagkukuro sa mga usaping pangwika, sa pagbasa ng mga teksto sa midya, pagdalumat ng mga kultural na pananda, pag-unawa sa kagawian at pamumuhay ng mga Pilipino, pagtatala ng kasaysayan ng bansa hanggang sa pamimilosopiya sa mga karanasan natin bilang mga mamamayan, iniaangat ng publikasyong ito ang diskurso sa iba't ibang disiplina't larang gamit ang wikang Filipino.

Bakit nga ba kailangang itaguyod ang paggamit ng wikang Filipino sa pananaliksik? Bitbit ng wika ang kaakuhan at kaluluwa ng isang bayan. Sa panahong ito ng globalisasyon, internasyonalisasyon at integrasyong ASEAN, malayang nakakapasok ang mga produkto at serbisyong mula sa iba't ibang bansa. At kasama ng mga ito ang kakayahang impluwensiyahan ang paraan ng pag-iisip, pagtangkilik, at maging pamumuhay ng mga mamamayan. At para sa isang bayang bulnerable, sa isang bayang dumaan sa mahabang panahon ng kolonisasyon, kailangan ang mahigpit na kapit sa kung ano at sino tayo. At ang wikang Filipino ang maaari nating panghawakan bilang mga Pilipino.

Mahalagang bahagi ng intelektuwalisasyon ng wika ang patuloy na paggamit nito sa iba't ibang larangan. Higit sa pag-aambag ng *Malay* sa balon ng karunungan, sa pagtuklas ng mga bagong paraan ng pagbasa, pag-unawa, pagsusuri, at pagpapahalaga sa teksto't karanasan, sa mahabang panahon, ang journal na ito'y nagsusulong ng patuloy na intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. Lampas sa mga akreditasyon at pagtingin ng mga institusyon sa halaga ng *Malay*, ang mga artikulong nailimbag sa maraming taon ng journal na ito, at sa mga artikulong matutunghayan sa isyung ito, ang pagtangkilik at pagbasa ng mga iskolar, guro, estudyante, at simpleng mamamayan sa buong mundo ang siyang tunay na inspirasyon sa patuloy na paglilimbag nito.

Sa pag-aaral na isinagawa nina **Aristotle Balba** at **Feorillo Demeterio**, dinalumat ang imahen ng barako mula sa pagsusuri ng limang case study. Isang mahalagang kultural na identidad ng mga Batangueño ang konsepto ng barako, mula sa kape hanggang sa pagturing sa mga tao sa probinsiyang ito, lagi't laging kakabit ng bayang ito ang salitang barako. Nakapagtala ang pag-aaral ng labimpitong katangiang batay sa mga isinagawang pagtingin sa mga positibo, negatibo, at neutral na katangian ng mga lalaking Batangueño. Gayundin, nailatag nito ang mga personal at relasyonal na katangian na nakatulong sa pag-unawa sa imaheng iba mula sa imaheng kadalasang naiisip kapag nababanggit ang salitang barako.

Binigyang-pansin naman ni **Nelson Turgo** sa kaniyang artikulo ang pagbuo ng lokal na kasaysayan at paglikha ng identidad ng mga Maubanin mula sa pagtingin sa ambag nina Gat Uban at Horacio dela Costa, mga anak ng bayan ng Mauban sa probinsiya naman ng Quezon. Ang artikulasyon ng mga ambag na ito na nagbubunsod sa pagbuo ng pambayan at popular na imahinasyon ng mga Maubanin. Ang paglalatag ng mga naratibo ay nagluluwal ng lohikal at pinong pagpapakita ng ugnayan ng dambana at memorya sa pagbuo ng lokal na kasaysayan at kaakuhan.

Siniyasat naman ng artikulo ni **Paz Verdades Santos** ang panitikang Bikol. Ang pag-unawa sa mga akdang pampanitikan ng mga rehiyon ay isang mahalagang bahagi sa pagbuo ng panitikang pambansa. Ang mayamang iskolarsyip at pagbabad ng may-akda sa paksa ay naglalatag rin ng mga suliraning kinakaharap ng panitikang Bikol sa panahong ito. Ginigising nito ang kamalayan ng  mambabasa sa kahalagahan ng pagdidiskurso sa diyalektika

ng bansa/rehiyon at sentro/laylayan. Sa huli, iginiit ng may-akda ang magandang hinaharap ng panitikang Bikol na maaaring siyang hinaharap din ng mga panitikang rehiyonal sa buong bansa.

Ipinakilala naman ng artikulo nina **Jovert Balunsay** at **Susan Tindugan** ang mga konsepto ng tigsik at tirigsikan. Ang tigsik ang tawag sa katutubong tulang Bikolnon na karaniwang binibigkas ng mga manginginom at tirigsikan naman ang sa pagbigkas ng mga ito. Itinatampok nito ang kultura ng pagtula ng mga Catanduanganon sa pamamagitan ng pagsasadokumento ng mga pabigkas na tula nito. Ang masinsing pagsusuri sa estruktura at tema ng mga tulang ito ay higit na nagpapakilala sa kultura at paraan ng pamumuhay ng mga Catanduanganon.

Mula sa pag-aaral ng mga lokal na kasaysayan at identidad, ang organisasyonal na pagsusuri naman ang tinutukan ng kolaboratibong pag-aaral na isinagawa nina **Voltaire Villanueva, Jaz Lendle Dy, Dianne Malacay**, at **Kaye-Ann Oteyza**. Ang Kapisanang Diwa at Panitik o KADIPAN ay isang organisasyon ng mga mag-aaral na nagiging lunduyan at lunsaran ng mga mag-aaral na magiging guro sa hinaharap. Maraming katulad na organisasyon sa ibang Pamantasan ang KADIPAN kaya makatutulong ang artikulong ito sa pagbibigay ng dulog kung paano tinatasa ang mga gawain at karanasan ng mga mag-aaral sa loob ng organisasyon. Gayundin, ipinakikita ng artikulo ang kahalagahan ng kolaboratibong pananaliksik na maaaring isagawa ng guro at mga mag-aaral.

Mahusay namang pinagtahi-tahi ni **Roberto Javier** sa kaniyang papel ang konsepto ng tao, katawan, at katauhan na mahalagang ambag sa larang ng sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw. Masinop niyang ginamit ang semantika, sikolingguwistika at lingguwistika sa paghimay ng pinagmulan ng katawan at katauhan habang dinadalumat ang konsepto ng tao. Ang pagtukoy sa iba't ibang bahagi ng katawan at ang mga idyomang kaugnay nito ay pinagyayaman hindi lamang ang karunungan ukol sa sikolohiya kundi ang mga pamamaraan at dulog ng pag-aaral sa disiplinang ito. Pinatutunayan ng papel na ito ang pagtukoy sa halaga ng wika sa pag-unawa sa identidad.

Samantala, sa isang natatanging artikulo ng punong editor ng *Malay* na si **Florentino Timbreza**, kaniyang pinagnilayan ang katutubong pamimilosopiya na nakaangkla sa karanasan at pananaw ng mga Pilipino. Bagama't mayroong pagtukoy sa ilang banyagang konsepto tulad ng nirvana at yin-yang, mayroon itong pagtatangkang isakatutubo ang mga ito. Ngunit higit na pinagyaman ang artikulo ng artikulasyon niya ng metapora ng gulong at ng parabula ng labintatlong kaibigan ng tao na tumutukoy sa mga bahagi ng ating katawan na nagsisilbing lagusan o pintuan sa ating katawan. Sa huli, iniugnay ni Timbreza sa pampolitikang sitwasyon sa kasalukuyan ang kaniyang pamimilosopiya na tumutugon sa diumano'y hinahangad na pagbabago ng Pangulo ng bansa.

Sa bagong isyung ito ng Malay, higit na napagyayaman ang mga diskurso sa kaakuhan ng pagka-Pilipino. Binibigyang-larawan ng mga artikulo ang mayamang pagdanas at pagninilay ng mga iskolar sa iba't ibang paksa at disiplina sa ilalim ng Araling Pilipinas. Bilang pangwakas ay muling ipinaaabot at ipinadarama natin ang lubos na paghanga't pagpupugay sa kahusayan at kasipagan ng aming katuwang sa paghahanda at pagsasaayos sa mga artikulong nailathala sa kasalukuyang isyu–si ***Bb. Joanne Castañares.***

**Rowell D. Madula**
Katuwang na Patnugot